**Presidential Communications Operations Office**
**Presidential News Desk**

**SPEECH OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE DURING HIS ATTENDANCE TO THE 43rd COMMENCEMENT EXERCISES OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE ACADEMY (PNPA) BSPS "ALAB KALIS" CLASS OF 2022**

[Delivered at the Campos Grandstand in Camp General Mariano N. Castañeda in Silang Cavite | 21 April 2022]

Kindly sit down. Thank you. Maupo po kayo. *[The Commandant, give the order for tikas pahinga.]*

Interior and Local Government Secretary Eduardo Año; Senator Bong Go; Silang Cavite Mayor Socorro Rosario Poblete; PNP Chief Police General Dionardo Carlos; BFP Chief Fire Director Louie Puracan — Purucan *[Senator Bong Go: Puracan. Bisaya na, sir, taga-Davao 'yan. Bisaya, taga-Davao del Sur.]* Ah Bisaya pala ito so Purucan, *[Senator Go: Puracan.]* Puracan. Sinong gumawa nitong ano nito? *[laughter]*; BJMP Chief Director/Jail Director Allan Iral; Police Major General Alexander Sampaga, Director Philippine National Police Academy; officers, enlisted personnel and civilian employees of the Philippine National Police; the Cadet Corps Philippine National Police Academy led by "Alab-Kalis" Class 2022; distinguished guests; ladies and gentlemen

Bago ako basahin ko itong speech ko tatlong pages lang naman ito hindi man ko trabaho, mali-mali pa 'yung ano. I just want to stress to you kaya ko inuna is — you know, you took your oath of office as a government worker. Tandaan ninyo 'yan, government worker tayong lahat. Bayad tayo ng mga tao sa Pilipinas kaya tayo nandito. Each and everyone of us has something to give to the country.

Isa lang ang gusto kong hindi ninyo makalimutan, you took your oath of office at sabihin ko sa inyo legal man o ano whatever be administrative or otherwise, you're in the course of your duty, I would like to express to you now na 'yung tama lang. Do not go out of your legal parameters. Iyong tama lang na trabaho ng pulis pati alam niya ang obligasyon sa taong-bayan.

We do not have any superiority with anybody. All of us are government workers and are expected really to work for the people. Kasi in the light of

recent incidents, I do not want to dwell on it, but ang sinabi ko in many occasions may problema ako sa pulis. Hindi lahat, kakaunti lang 'yan sila pero the image that they create is further buttressed by the actions of a few.

So 'yan lang tandaan niyo. Ano lang ang tama, doon ka lang. Do not go out of the legal parameters there. You would know. If you have not studied it sa Criminal Law, then somebody would tell you na ito ang trabaho ninyo at huwag kayong umalis diyan sa boundaries ng parameters legally. Iyon lang ang gusto kong sabihin sa inyo na galing sa puso ko.

Anyway, I will just read itong nag — baka magalit 'yung gumawa nito na hindi naman binasa pinagpaguran niya. But remember ang sinabi ko: 'yung tama lang, huwag kayong lumabas diyan kasi 'pag hindi, magkakaproblema talaga tayo lalo. Kakaunti lang 'yan. Siguro mga hanggang diyan lang, .00.

But the problem is alam mo ang pulis — set aside muna ito. Unlike the Army at walang reklamo, few and in between sa kanilang trabaho nila, far and wide, ang Army does not have the law enforcement power. Ang pulis ang mayroon.

Kaya mag-report ka sa istasyon umaga o 'yung shift mo, then you record your presence there and that you are ready to go out to discharge your duties, anuman. Simple lang eh, law and order. Iyan lang ang trabaho ninyo. Pero sa labas at sinasabi ko — lalo na 'yung in-increase ko 'yung salary, maraming pumalag, teachers and all.

But you know ang pulis kasi sa totoo lang para tayong utility boy sa gobyerno. Kagaya ng — pareho man tayo. Flood, pulis, military, Coast Guard; sunog, pulis, military, Coast Guard, Air Force — sabay-sabay 'yan magkakaroon ng problema sa trabaho kasi malawak. Typhoon Odette or itong si g***** Agaton na 'to, 'yun.

So everytime na may mga problema na ganoon, do not be surprised na tayo ang utusan, tayo ang lahat. Kung ano holdup, anong krimen, drugs, especially drugs. Mainit ako diyan sa drugs na 'yan because you know drug. Sabihin ko nakikinig naman lahat pati human rights: if you go into drugs, you will destroy my country. And if you destroy my country, I will kill you. Iyon ang pinakaano ko — lalo na drugs.

We will have a next generation na karamihan sira ang utak. Nakita mo naman billions and billions ang pumapasok. Noong sa aking panahon mayorship — eh mayroon dito sa Maynila. And to tell you frankly noong na-Presidente ako, nagyabang pa ako na in six months eh trabahuin ko lang

‘yan lahat. Sabi ko huwag dito kasi talagang papatayin ko kayo. Do not play drugs in my city.

Now when I became President, mas mabigat na tuloy ‘yung… You know mayor boto lang ‘yan eh. He can go in and out of itong mga NPA nasa bukid. Kaibiganin mo lang ‘yan, eh boto-boto lang ‘yan.

Pero pagdating ng sa panahon kayong ma-assign for whatever at sinabi ko naman kay Secretary Año, ‘yung mga pulitiko ang dapat lang sa kanila according to the Alunan doctrine na more than two armed is already a private army.

Kaya sinabi ko sa lahat ng pulitiko, give us clean and honest elections. Huwag ninyong… Well, kasi insulto sa atin ‘yan, sa inyo. In a few days, a few months, you would be on active duty. Iyan lang ang tandaan ninyo.

And if you happen to be assigned as a security, eh ‘di sabihin mo lang doon sa amo mo na, *“Sir, ito ang limitasyon. Ito lang talaga ang magawa ko. I cannot be a part of the politics here and I am only duty-bound to obey what is the mandate of the law.”* Iyan ang tandaan ninyo.

So nakalimutan ko ng *“ladies and gentlemen” [laughter]*
para sa lahat na.

I am pleased to join my fellow public servants — itong public servants masyadong abused na ito. Itong I am pleased to join my fellow workers in government and the Philippine National Police Academy as it holds the 43rd [Commencement] Exercises for “Alab-Kalis” Class of 2022. I hope that I would see some of you there assigned in Davao. I will be there.

Let me congratulate these brave men and women, along with their families, for hurdling through the tough but formative years with the Academy. It’s four years.

I urge you to sustain the same level of courage, determination and passion in the performance of your duty as the newest officers of the Philippine National Police, the Bureau of Fire Protection and the Bureau of Jail Management and Penology.

Always be reminded that the core of your profession is, and will always be, the welfare of our peoples.

I thank the PNP for being at the forefront in the fight against illegal drugs, crime and terrorism over the past six years.

Although our war with lawless forces is far from over, I am proud to say that we have made great strides in improving the crime situation in the country.

The PNP and its allied services have also played a key role in maintaining peace and order — it should really be law and order, I hope you'd change it with the next generation, make the hindi naman peace and order eh, you have is law and order — and enforcing the rule of law during emergencies, disasters and the COVID-19 pandemic.

Iyan ang sinasabi ko kasi naintindihan ko kasi 'yung trabaho ng pulis kaya ko kayo inuna. And it was during the — because mayor kasi ako ng Davao City for 23 years kaya mabasa ko 'yung — I can fathom maku — 'yung suweldo ninyo. Malaki 'yan. Kung isa lang ang asawa mo, okay 'yan. *[laughter]* Pagka marami, iyan ang problema.

Can I be frank with you? Puwede ako mag-prangka sa... Not to offend you, hindi, iyong totoo lang. Alam mo, in the course of my being a government worker, mayor, lahat ng — ewan ko kung sabihin ko sa inyo 'to, lahat ng namamatay talagang pulis lalo na 'yung in line of duty, I spend time with the families sa vigil and noong mayor ako because I had all the time in the world to adjust in any schedule. 'Pag na — 'pag may namatay na pulis, eh 'di pupunta ako sa libing then I would notice ditong banda may sumisigaw, *"aaaahhh"*, eh namatayan eh. Tapos mayroon naman dito iba maraming bata. Eh sabi ko, "*Bakit iyan? Bakit naghiwalay 'yang iyak diyan? Bakit hindi sila magsama?" "Sir, iyan ang pangalawang asawa ng pulis."*

Sabihin ko sa inyo, I'm warning you, totoo ito. This is part of maybe your subculture. Ten — sa 10 policemen, ang eight diyan malinis. May dalawa at isa out of the 10 na talagang maldito. Aba'y sabagay kung kagaya ko, dalawa man ang asawa ko pero huwag ninyo akong sundin. *[laughter]* Problema lang ang aabutin mo. One immorality kung babanatan ka.

Alam mo sometimes be content of what you have. Huwag ka masyadong ano kay 'yung papasok ka na sa bisyo, 'yun diyan ka magka-l****-l****. Hindi ako magbiro. You will encounter paglabas ninyo, tignan ninyo 'yung mga nandiyan na but sinabi ko hindi lahat. Mayroon lang talagang matigas ang ulo.

Ma-e-sabong, masabit, ma-droga. Huwag talaga kayong pumasok diyan sa droga. Do not. Ako performance of duty, I will defend you hanggang kamatayan. I will provide the legal. Ang mga pulis ko sa Davao 'pag na-

suspended wala na 'yang pagkain, wala na lahat ang mga tuition sa bata. Habaan ko lang itong speech ko kay gusto kong idikit talaga sa inyo. Ganoon 'yan.

So iyang tamang-tama lang. Mag-anak kayo dalawa, tatlo. Tatlo is a boundary, dalawa lang. Mahirap mag — hindi may pera naman kayo, mahirap magpalaki ng bata ngayong panahon na ito. We are about 110 maybe 112 million by now. I don't know when was the last survey. Pero ‘yang ididikit ko na sa inyo 'yung bagay na 'yan.

Mahal ko kayo, mahal ko 'yung pulis. Performance of duty, wala ka nang iisipin. Ako na, ako na ang magsabi, ako ang nag-utos niyan. Ganoon ako ‘pag naano ang pulis naipit, ako ang magsabi, ah utos ko 'yan. Iyan ang totoo. Ako 'yung kumakain ng ano but performance of duty.

Now, kung iba kang kagaya mo mabaril mo 'yung babae mong pangalawa o tatlo — magkakaroon ka ng dalawang anak rin doon eh 'di apat, sa gatas pa lang talo ka na. Iyan ang totoo. Mapipila — ayan kaya napipilitan. Sabi ko dito lang kayo sa oath of office ninyo. Kung ano lang ang tama, iyon ang sundin mo.

I commend you for remaining true to your mission to keep citizens safe amidst the recent struggles and uncertainties that the world is facing.

Mayroong gulo 'yan sa Ukraine and Russia. It might — mag-o-overflow 'yan pagka maggamit ng nuclear na, we are in a serious problem. Kaya ang pagka ganoong magulo, it's war, we may be dragged into or something might really happen also kasi kasama-kasama 'yan eh.

Now, inyong problema na 'yan. Nagwa-warning lang ako that things might go overboard itong gulo na 'yun. Isang pagkakamali diyan, may problema na tayo. Kaya sinabi kong tinawag ko 'yung PNP pati 'yung Armed Forces, sinabi ko pagka magulo na, trabaho na ng pulis pati Army 'yan, the Armed Forces of the Philippines. Be ready for that. Kung hindi mangyari, magpasalamat tayo sa Diyos. ‘Pag pinindot mo 'yang butones diyan na nuclear, ah magkagulo na lahat.

In light of the increasing challenges of your duty as protectors of the people, the administration has undertaken efforts to modernize the organization with the procurement of vehicles, aircrafts, equipment for the sea — *[and itong nagsulat nito]* equipment for the sea or sea assets to provide you with the necessary support.

Wala naman siguro, wala naman kayong maano. Mukhang ibinigay ko na rin ang lahat na ano ninyo. But most of all sabi ko, let us be thankful to the people, 'yang amo natin ang tao. Iyon ang nagbibigay ng suweldo sa atin eh. For that alone, malaman mo talaga na worker ka ng government to serve the public interest and nothing more.

I hope that these initiatives are continued beyond my term with the interest of boosting our police force's capability of responding to the demands of the times.

As this graduation comes at a crucial juncture in our country's history in the form of the coming national elections, I enjoin you, as members of the PNP, to ensure clean and safe elections and adhere to the value of professionalism and non-partisanship while we tread in this complex and divisive political landscape.

Kaya ako walang — I do not have a preference in the… Ayaw ko. Una, mayor, ah mayor — Presidente ako. Para walang duda na gamitin ko ito, ginamit ko 'yung mga resources ng government, pera ng government, wala… Kaya ayaw ko. I do not — I just want to be neutral and be freed of itong mga suspicions, ganoon.

I assure everybody that there will always be honest and clean elections. Kasabay na tayo diyan sa lahat 'yung oath of office ninyo it is included there, lahat tayo. Pang-gobyerno talaga 'yan.

I likewise encourage the fresh graduates to be key players in the modernization of the force. You must maintain professionalism for you will soon take over its leadership and will be the role models of future Filipino law enforcers.

As my term draws to a close — wala kayong problema, maski retired na ako if you want my help lalo na 'yung masabit kayo in a legitimate operation, nandiyan ako. And maybe I will appear in court for you. Iyong naano lang, nasabit sa pagtrabaho. Iyong iba 'yang mga bribery, 'yung ano eh wala tayong — 'wag na ninyo sabi ko palayo ka doon, palayo kayo doon. Kung ano lang ang trabaho.

Ano 'yung buhay — alam naman ninyo ang buhay. Ngayon makabili na siguro kayo ng kotse kay itong mga policewoman ko lahat may kotse na 'to. Noong nag-increase 'yung salary, mukhang nagdoble, nagpila doon sa Toyota para mag — kaya 'yan sila de-kotse. Okay lang mga dalaga. Panahon nila sa akin dalawa ang nag-asawa.

Puro classmate nila diyan sa — mga kaklase. Mga tatlo ‘yan sila. Nandiyan lahat, magka-classmate lang, ganoon. Mas mabuti pa para mag-away kayo, may baril kayong dalawa, eh ‘di magbarilan. Kayong mga asawa ‘pag lumuloko itong mga y*** na asawa ninyo, barilin ninyo. *[laughter]* Huwag ninyong patayin, sa paa lang. *[laughter]* Barilin mo ‘yung tuhod para… Eh ‘yan ‘yang karamihan, hindi naman nagloloko ‘yung babae eh, bibihira or none at all.

I hope that the fruits of our efforts to build a safe, resilient and peaceful nation will be genuinely seen and felt by our kababayans at the soonest possible time.

Again, congratulations to you all at magpakabait kayong lahat. *[applause]* Kasi ang magkakaroon ng problema ako. Mabuti’t na lang paalis na ako. But as any — it is good as any other time to remind you.

In the observance of the time-honored tradition of the Philippine National Police Academy on the occasion of the 43rd PNPA Commencement Exercises of the “Alab-Kalis” Class of 2022, I, Rodrigo Roa Duterte, President of the Republic of the Philippines, hereby pardon all outstanding punishments and demerits *[applause]* of the Class 2022, Class 2023, and Class 2024, and Class 2025 of the Cadet Corps Philippine National Police Academy effective today, the 21st of April in the year of our Lord, 2022, at Camp General Mariano N. Castañeda.

Okay na, maghanap na naman kayo ng ibang kaso. Kay ang next president baka hindi bigyan nito — problema — o ayaw. May mga ayaw talaga eh. By the way ‘yung… Well, I signed the pardon. *[applause]* Now kung gusto mong ma-pardon din, gumawa ka ng kalokohan. *[laughter]*

I forgot your valedictorian — I am talking in behalf of — may house and lot ‘yan sa ‘yung mga housing projects diyan, Camella ‘yung mga ganoon. *[applause]* Mayroon ‘yan siya. Ngayon ‘yung goat ninyo, maganda ‘yun may .45 sarili na niya. *[applause]* Iyon ang gamitin niya ‘pag — loko-loko ka eh. Magpakabait kayo ha, magpakabait kayo. Salamat. *[applause]*

**— END —**